Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

7:6

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG PEBRERO 16, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Louie C. de Leon | ......... | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Ramon D. Tan | ......... | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | ......... | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | ......... | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion | ......... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ......... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ......... | Kagawad |
| Kgg. Oscar F. Feliciano | ......... | Kagawad |
| Kgg. Isagani R. Malapaya | ......... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. John Carlos C. delos Reyes | ..... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | ......... | PANG. PUNONG BAYAN<br>nasa lakad opisyal |

**KAPASIYAHAN BLG. 057-T'2009**

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING KAY P/C SUPT. PERFECTO PALAD, DIREKTOR PANGREHIYON IV, PAMBANSANG PULISYA NG PILIPINAS, CAMP VICENTE LIM, LUNGSOD NG CALAMBA, NA MARAGDAGAN ANG BILANG NG MGA KAPULISAN SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA, NA ITINUTURING NA PANGUNAHING BAYAN AT KABISERA (1st CLASS & CAPITAL TOWN) NG LALAWIGAN NG LAGUNA.**

**SAPAGKA'T,** binigyang-pansin at pagpapahalaga ng sangguniang ito ang pagkakaroon ng isang maayos at maunlad na pamayanan na ang nananahan ay payapang nakakakilos at nakakagalaw anumang oras at walang pangambang dumating ang panganib na dulot ng kaguluhan at kriminalidad sa bayang ito;

**SAPAGKA'T,** bilang isang pangunahin at kapital na bayan sa lalawigan ng Laguna, dito makikita ang malaking bilang ng mga kalakalan, nagiging sentro ng layuning pang-edukasyon at pampublikong gawain na pinatutunayan ng mga nakatayong gusaling pang-ahensya at tanggapang pampamahalaan tulad ng Panlalawigang Tanggapan ng Pulisya, na sumasaklaw ng paglilingkod sa may 29 na bayan kasama ang ilang siyudad sa lalawigan ng Laguna;

**SAPAGKA'T,** sa pagdaragdag at pagdami ng mga ito, lumalaki ang paglilingkod o serbisyo sa pamayanan;

**SAPAGKA'T,** malaking bilang din ng mga mamamayan o populasyon na umaabot sa humigit-kumulang 100,000 ang naninirahan dagdag pa ang pirmihan at bumibisita sa bayang ito;

**SAPAGKA'T,** ang kapakanan ng mga mamamayan ay pangunahing pananagutan ng pamahalaan, lokal man o nasyunal.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Isagani R. Malapaya (Tagapamuno ng Lupon sa Barangay Affairs), na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Hilingin kay P/C Supt. Perfecto Palad, Direktor Pangrehiyon IV, Pambansang Pulisya ng Pilipinas, Camp Vicente Lim, Lungsod ng Calamba na maragdagan ang bilang ng mga kapulisan sa bayan ng Santa Cruz, Laguna na itinuturing na pangunahing bayan at kabisera (1st class & capital town) ng lalawigan ng Laguna.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Ronaldo Puno, Kalihim, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal; P/C Supt. Perfecto Palad, Camp Vicente Lim, Lungsod ng Calamba; P/Supt. Manolito Labrador, Panlalawigang Direktor; Kgg. Punong Bayan Ariel T. Magcalas, P/Supt. Marvin Joe Saro, Pinuno ng Pulisya, bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

karugtong ng Kapasiyahan Blg. 057-T2009



**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan